



Hepatitis B at kanser sa atay

Ang talaan ng impormasyong ito ay tungkol sa hepatitis B virus at ang kaugnayan nito sa kanser sa atay.

Halos 240,000 Australyano ay mayroong hepatitis B. Marami ang hindi nakakaalam na mayroon sila nito at maaaring nanganganib silang magkaroon ng kanser sa atay.

Ano ang hepatitis B?

Ang hepatitis B, or 'hep B', ay isang virus. Ito ay umaapekto sa atay. Nagiging sanhi ito ng:

- pamamaga
- pagpepeklat (kilala rin sa tawag na cirrhosis); at/o
- kanser sa atay.

Ano ang ibig sabihin ng talamak na hepatitis B?

Ang mga taong nagkaroon na ng hepatitis B nang mahigit sa anim na buwan ay may 'talamak' na hepatitis. Ang talamak ay nangangahulugang pang-mahabang panahon. Ang karamihan ay nagkaroon nito noong sila ay mga sanggol o maliliit na bata pa lamang. Ang mga taong may talamak na hepatitis B ay maaaring mabuti ang pakiramdam. Sila ay maaaring walang anumang senyales ng impeksiyon. Gayunman, ang ilang tao ay magkakaroon ng pagpepeklat sa atay at/o kanser sa atay.

Paano ka magkakaroon ng hepatitis B?

Isang bakuna ang mangangalaga sa iyo laban sa hepatitis B virus. Ang hepatitis B virus ay dinadala sa mga likido ng katawan at dugo. Ang virus ay kumakalat kapag ang mga likidong ito ay malilipat sa katawan ng isang taong hindi nabakunahan.

Ito ay maikakalat:

- mula sa ina tungo sa anak habang nagdadalang-tao o sa panganganak (kung ang sanggol ay hindi mababakunahan pagkasilang).
- sa pamamagitan ng walang proteksiyong pakikipagtalik
- sa pakikigamit ng kagamitang pang-iniksiyon ng droga
- sa mga hindi isterelisdong pamamaraan ng paggamot
- sa dugong may impeksiyon na dumadaloy sa daanan ng dugo sa iba pang paraan, gaya ng hindi isterelisdong pagta-tattoo.

Ito ay hindi naikakalat sa pamamagitan ng:

- pagsasalo ng pagkain, inumin, at kutsara't tinidor
- pagyayakapan at paghahalikan
- pakikipagkamay.

Paano mo malalamang ikaw ay mayroong talamak na hepatitis B?

Humiling sa iyong doktor ng isang pagsusuri ng dugo para sa hepatitis B. Ang isang pagsusuri ng dugo ay makakapagsabi sa iyo kung ikaw ay:

- may talamak na hepatitis B
- nangangailangan ng bakuna upang mapangalagaan ka
- nabakunahan na sa nakaraan at ikaw ay may proteksiyon.

Dalawa sa limang tao sa Australya na may talamak na hepatitis B ang hindi nakakaalam na mayroon sila nito. Maraming tao ang walang nakikitang anumang senyales nito.

Kung ikaw ay walang hepatitis B, ang pagbabakuna ay mangangalaga sa iyo laban sa impeksiyon ng hepatitis B.

Sino ang dapat suriin para sa hepatitis B?

1. Mga taong isinilang sa Asia, rehiyong Pasipiko, Africa, Sentral at Timog-Amerika, Silangan at Katimugang Europa, Caribbean at Gitnang Silangan. Ang mga pagsusuri sa kalusugan na kailangan mo para sa pandarayuhan sa Australya ay hindi karaniwang nagsusuri para sa hepatitis B.
2. Mga taong Aborihinal at taga-Torres Strait Islands.
3. Mahalaga para sa mga kapamilya ng mga taong may hepatitis B na sila ay masuri (kahit na sila ay isinilang sa Australya).

Ano ang kaugnayan ng hepatitis B at kanser sa atay?

Ang hepatitis B virus ay maaaring maging sanhi ng kanser sa atay. Ang kanser sa atay ay isang umbok sa atay. Ang mga taong mayroon man o walang pagpepeklat ay maaaring magkaroon ng kanser sa atay.

Umaabot sa isa sa apat na taong may di-napapangalagaang talamak na hepatitis B ang magkakaroon ng pagpepeklal at/o kanser sa atay.

Sino ang nanganganib magkaroon ng kanser sa atay na kaugnay ng hepatitis B?

Ang sinuman na mayroong talamak na hepatitis B ay maaaring magkaroon ng kanser sa atay. Walang malusog na tagapagdala ng sakit. Lahat ng mayroong hepatitis B ay nangangailangan ng palagiang pagpapatingin.

Ano ang napapaloob sa pagpapatingin ito?

Mabuting ideya ang palagiang pagpapatingin sa iyong doktor. Siya ay makakapagbigay sa iyo ng payo tungkol sa talamak na hepatitis B.

Karaniwan, ang mga taong mayroong talamak na hepatitis B ay magkakaroon ng pagsusuri ng dugo tuwing anim na buwan. Ito ay upang tingnan kung paano gumagana ang kanilang atay.

Kung ang iyong doktor ay magnanais na gumawa ng karagdagang pagtingin upang mahadlangan ang kanser sa atay, ikaw ay maaaring magkaroon ng:

- karagdagang mga pagsusuri ng dugo
- isang ultrasound ng atay o pag-scan tuwing anim na buwan upang masuri ang mga umbok na kanser sa iyong atay.

Ang mga pagsusuring ito ay tutulong sa maagang pagkakita sa mga senyales ng kanser sa atay, habang sila ay mas maliit at mas madaling gamutin.

Karaniwan, ang mga pagsusuring ito ay ginagawa para sa mga taong:

- mula sa Asia (kalalaking may edad na mahigit sa 40 taon at kababaihan may edad na mahigit sa 50 taon)
- mula sa Africa at may edad na mahigit sa 20 taon
- may kasaysayan sa pamilya ng kanser sa atay
- may pagpepeklal sa atay (cirrhosis)
- Aborihinal at/o taga-Torres Strait Islands na may edad na mahigit 50 taon.

May paggamot ba para sa talamak na hepatitis B?

Mayroong paggamot para sa talamak na hepatitis B. Ito ay makakapigil sa virus. Ang paggamot na ito ay hindi pampagaling, ngunit makakatulong sa paghadlang ng pinsala sa atay at kanser sa matagalang panahon.

Hindi lahat ng mayroong talamak na hepatitis B ay mangangailangan ng paggamot. Ang katawan ay makakapigil sa impeksiyon. Ang isang doktor ay makakatulong sa iyo na magpasiya kung kailan mo kailangan ng paggamot.

Kahit na hindi mo kailangan ng paggamot, mahalaga pa rin na ikaw ay magpatingin tuwing anim na buwan.

Kung ikaw ay may Medicare card, ang pamahalaan ay makakapagbayad sa ilan o lahat ng iyong paggamot. Kung ikaw ay walang Medicare card, makipag-usap ka sa iyong doktor tungkol sa kung ano ang magagawa.

May paggamot ba para sa kanser sa atay?

Ang paggamot para sa kanser sa atay ay babatay sa laki ng kanser at kung ito ay kumalat na. Ang kanser sa atay ay mas madaling gamutin kung ito ay maagang matutuklasan. Makipag-usap sa isang doktor tungkol sa iyong mga pagpipilian para sa paggamot.

Kami ay nagrerekomenda ng sumusunod na mga hakbang upang mabawasan ang iyong panganib sa kanser sa atay na kaugnay ng hepatitis B:

- Humiling ng isang pagsusuri ng dugo upang tingnan kung ikaw ay mayroong talamak na hepatitis B, lalo na kung ikaw ay nasa grupong mataas ang panganib na magkaroon.
- Kung ikaw ay hindi pa nabakunahan para sa hepatitis B, kami ay nagrerekomenda na ikaw ay magpabakuna. Ang bakuna ay libre para sa:
 - o lahat ng bagong-silang na sanggol
 - o mga kapareha, kapamilya o kasambahay ng mga taong mayroong hepatitis B
 - o mga refugee at asylum seeker.
- Kung ikaw ay mayroong hepatitis B, magpatingin nang palagian sa isang doktor.

Upang mabawasan ang iyong kabuuang panganganib sa kanser:

- uminom ng kaunti o huwag uminom ng alak
- kumain ng maraming prutas at gulay
- huwag kumain ng matataba o karneng naproseso
- magpanatili ng malusog na timbang ng katawan
- mag-ehersisyo nang regular (magsimula nang dahan-dahan at dagdagan sa paglipas ng panahon)
- tigilan ang paninigarilyo
- magpa-iskrin para sa kanser sa cervix, suso at bituka kung kailangan.

Saan ako makakakuha ng karagdagang impormasyon?

Bumisita sa www.cancervic.org.au o kumontak sa Cancer Council Victoria sa iyong wika, tumawag sa 13 14 50. Kapag ikaw ay tumawag, sabihin ang iyong wika (hal. Arabic) at hilingin ang Cancer Council Victoria.

Para sa impormasyon tungkol sa hepatitis B, bumisita sa www.hepvic.org.au o tumawag sa Hepatitis Infoline (Linya ng Telepono para sa Impormasyon) sa 1800 703 003. Para sa isang tagasalin sa wika, tumawag sa 13 14 50.

Huling binago: Setyembre 2016

